

Ano ang nakakatulong na teknolohiya (assistive technology)?

Ang nakakatulong na teknolohiya ay isang pamamaraan o sistema na nagbibigay sa mga tao ng mga praktikal na solusyon sa mga pang-araw-araw na gawain sa buhay.

Ang nakakatulong na teknolohiya ay maaaring makakatulong sa mga tao na:

- nag-alaga sa mga mahal sa buhay sa pagtulong sa kanilang paliligo, pagdadamit at sa pagpapakain
- gagawing maging lalong ligtas at madali ang paggalaw
- mabuksan at masarhan ang mga galapon at gripo
- gagawing lalong madali ang paggamit sa kompyuter at lalong malinaw na mabasa ito.
- tiyakin ang personal na kaligtasan sa pamamagitan ng mga sistema ng pang-alarma sa bahay
- gawing lalong magaan ang mga gawaing panlibangan
- At marami pang ibang mga ideya.



Acknowledgement of funding



LifeTecTM
QUEENSLAND
towards easier living

Brisbane

Level One, Reading Newmarket
Cnr Newmarket & Enoggera Roads
PO Box 3241, Newmarket Qld 4051
Telepono: 07 3552 9000 Faks: 07 3552 9088

Townsville

Shop G-3A, Domain Central, 103 Duckworth Street
PO Box 8280, Garbutt Qld 4814
Telepono: 07 4759 5600 Faks: 07 4759 5688

Sa bayad ng lokal na tawag: 1300 885 886
Email: mail@lifetec.org.au
www.lifetec.org.au



LifeTecTM
QUEENSLAND
towards easier living



Ang tungkol sa amin

Tagalog

Ang LifeTec Queensland ay isang nangungunang tagapagbigay ng impormasyon at espesyalistang pagpapayo sa malawak na hanay ng nakakatulong na teknolohiya na maaaring makakatulong sa mga tao sa pagpapahusay sa kalidad ng kanilang buhay at mananatili silang malaya.

Pangarap

Ang mga tao mismo ang pipili kung ano ang pinakabagay sa kanila na mga nakakatulong na teknolohiya upang mabuhay ng malaya at mahusay.



Impormasyon

Ang LifeTec display center sa Newmarket ay naglalaman ng mahigit sa 1,500 mga bagay na maaaring makita ng mga tao anim na araw kada linggo. Ang bagong Townsville center ng LifeTec na nasa kilalang Domain Central complex ay bukas sa mga oras ng opisina at nagpapakita ng mahigit sa 500 mga bagay.

Ang mapagtatanungang telepono ng LifeTec ay matatawagan anim na araw kada linggo sa 1300 885 886. Maaari kaming sumagot sa inyong mga tanong, magbigay ng mga pagpipilian at magpadala ng impormasyon sa pamamagitan ng email, faks o koreo.

Ang listahan ng mahigit sa 6,000 na pamamaraan sa nakakatulong na teknolohiya ay libreng tingnan mula sa aming web site ng buong araw sa buong linggo. Ang mga nagtatrabaho o propesyonal sa kalusugan ay maaari ring magpatala sa LifeTec.info: isang lalong detalyado at maraming paggagamitang database.

Konsultasyon*

Ang LifeTec ay nagbibigay ng konsultasyon para sa publiko, mga propesyonal sa pangkalusugan at mga miyembro ng mga samahan.

Ang aming mga propesyonal sa pangkalusugan ay nagbibigay ng mga indibidwal na pagpapayo sa pagkilos, pakikitungo, personal na pag-aalaga, libangan, pagbabago ng bahay at mga iba pang bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay.

Maaari kaming magbigay ng konsultasyon sa aming mga display centers o bilang bahagi ng aming paglilingkod sa buong rehiyon. Tawagan po kami upang makipagtipan o malaman kung kailan kami bumisita sa inyong lugar.

*May mga kondisyon sa ilan naming mga serbisyo at may bayad ang ilan sa mga konsultasyon. Tawagan po kami upang pag-usapan ang mga maaari ninyong pagpipilian.



Edukasyon

Ang LifeTec ay nagbibigay ng talakayan, pagpapakita at praktikal na demostrasyon ng mga nakakatulong na teknolohiya para sa mga samahan sa komunidad at mga eksibisyon sa buong Queensland. Ang LifeTec ay regular na nagtatanghal sa mga paaralan, mga pangkat ng mga nagkakaedad, negosyo at mga estudyante sa TAFE at pamantasan.

Kami ay nagbibigay din ng mga praktikal at naibabagay na pagsasanay para sa pag-uunlad ng mga propesyonal.

Tingnan ang aming napapanahong kalendaryo ng mga presentasyon at workshop sa aming web site: www.lifetec.org.au.